# Mula sa Mayo 8, 2023, ang COVID-19 ay Pinababa sa Kategoryang V Nakakahawang Sakit *

北海道

## *Ano ang isang Kategorya V Nakakahawang Sakit?

Sa batas ng Hapon, "Pagkilos sa Pagpigil ng mga Nakakahawang Sakit at Medikal na Pangangalaga sa mga Pasyenteng may mga Nakakahawang Sakit" (kilala rin bilang Batas Pagpigil ng mga Nakakahawang Sakit) Kinategorya ang mga nakakahawang mga sakit sa mga sumusunod na uri: Kategorya I Nakakahawang Sakit, Kategorya II Nakakahawang Sakit, Kategorya III Nakakahawang Sakit, Kategorya IV Nakakahawang Sakit, Kategorya V Nakakahawang Sakit, Trangkasong Pandemya (Novel Trangkaso o Muling-Paglabas ng Trangkaso), Itinalagang Nakakahawang Sakit, at Bagong Nakakahawang Sakit. Ang mga naaangkop na tuntunin (ano ang magagawa ng batas) magkaiba depende sa pag-uuri ng sakit.

Hanggang Mayo 7, 2023, ang COVID-19 ay pinag-uri-uri bilang "Pandemyang Nakakahawang Sakit I (Novel Trangkaso, Muling-Paglabas ng Trangkaso atbp),subali't mula sa Mayo 8, 2023, ang pag-uuri ay babaguhin sa Kategorya V Nakakahawang Sakit. Bilang resulta, ang mga kautusan at mga tuntunin (batas) na maaaring ipatupad ay maaari rin baguhin.Para sa mga karagdagang detalye, tingnan ang "Summary of Main Measures Based on the Infectious Diseases Control Law."

https://bit.ly/3LBYTo5

## Mga Pangunahing Hakbang sa Pagsugpo Ng Impeksyon Pagkatapos Ng Pagbabago

## Ang mga Desisyon ay ipinauubaya sa indibidwal

Mangyaring sumangguni sa mga sumusunod kung gagawa ng mga desisyon:



- Mga Hakbangin, gaya ng paghuhugas/pagdisimpekta ng mga kamay, at bentilasyon, ipagpatuloy na maging mabisa ang mga pangunahing hakbangin sa pagsugpo ng impeksyon.



- Para sa may mga panganib na magkaron nang malalang sintomas, gaya ng mga matatanda, mabisa ang umiwas sa mga lugar na mahinang bentilasyon at maraming tao sa oras ng kasikipan.

*Mga panuntunan ukol sa pagsuot ng mask ay ipinauubaya sa indibidwal.

### 〈Kung kayo ay may sintomas〉

Kung kayo ay may sintomas gaya ng lagnat, mangyaring konsultahin ang inyong doktor o kaya family doctor, malapit na pagamutan, o isang health consultation center. Para sa mga detalye, sumangguni sa pamplet na ginawa ng Hokkaido Foreign Resident Support Center.



Hokkaido Foreign Resident Support Center
https://www.hiecc.or.jp/soudan/emg/index.html?lang=ph
Mga Wika: Nihongo, ingles, Biyetnam, Tsina, Koreano, at Tagalog

Para sa mas maraming impormasyon ukol sa COVID-19, tingnan ang mga websites sa ibaba.

- MHLW Official Website
https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/0000164708_00001.html

- Hokkaido Government HP
https://www.pref.hokkaido.lg.jp/covid-19/index.html

# MGA PINAG-IBA KAUGNAY SA PAGBABAGO SA KATEGORYA V

## Kung kayo ay may sintomas, o nasuring positibo

**Komunsulta sa inyong family doctor, sa malapit na pagamutan, o isang Medical Consultation Center.**

| | Hanggang Mayo 7 | Mula Mayo 8 |
|---|---|---|
| KUNG KAYO AY MAY SINTOMAS GAYA NG LAGNAT | Medical Consultation Center | IPAGPAPATULOY |
| | Positive Case Registration Center (Aplikasyon para sa Libreng Suri) | KATAPUSAN |

**Ang consultation center ay mababago kung ang inyong kondisyon ay lumubha habang nagpapagaling.**

| | Hanggang Mayo 7 | Mula Mayo 8 |
|---|---|---|
| KUNG LUMUBHA ANG INYONG KONDISYON | Positive Case Health Support Center | Medical Consultation Center |
| | REF: PANAHON NG PAGGALING 7 ARAW *at 24 oras matapos bumuti ang mga sintomas | REF: PANAHON NG PAGGALING 5 ARAW (INIREREKOMENDA) *at 24 oras matapos bumuti ang sintomas |

**Mga Bayad sa Suri at mga medikal na bayarin ay sagot ng indibidwal.**

| | Hanggang Mayo 7 | Mula Mayo 8 |
|---|---|---|
| SURI AT MGA MEDIKAL NA GASTOS | LIBRE *Hindi kasama ang unang punta | MGA PATONG NA GASTOS |

## Mga Pangunahing Hakbang Sa Pagpigil

### Ang mga Desisyon ay ipinauubaya sa indibidwal.

- ○ Pangangalaga ng Kamay (hugas kamay)
- ○ Tamang Bentilasyon
- ○ Iwasan ang 3 C's
- ○ Distansya

→

- Mga Hakbangin, gaya ng paghuhugas/ disimpeksyon ng mga kamay, at bentilasyon, patuloy na maging mabisa bilang mga pangunahing hakbang sa pagpigil ng impeksyon
- Para sa mga mataas ang peligro na lumala ang mga sintomas, gaya ng mga matatanda, mabisang umiwas sa mga lugar na may mahinang bentilasyon at maraming tao sa oras ng kasikipan.

**NEGOSYO**

- Kuhanin ang temperature sa pagpasok
- Maglagay ng antiseptic solution sa pintuan
- Maglagay ng partisyon gaya ng acrylic panes

→

- Ang mga Desisyon ay dapat gawin ng mga may-ari ng negosyo batay sa mga mabisang hakbangin , atbp.

**Ang mga sumusunod na programa at magtatapos sa Mayo 7, 2023.**

○Home-Care Set ○Pulse Oximeter ○Accommodation Facility ○Free Testing